Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-54 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-25 NG HULYO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 37-2023**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGBABAWAL SA PAGSUSUOT NG MASKARA, SURGICAL MASK, HELMET, BULLCAP AT IBA PANG KAURI NITO SA ALINMANG BANGKO, *LENDING HOUSES* AT IBA PANG *QUASI-BANK* SA LUNGSOD NG MALOLOS, PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.**

**AKDA NINA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**KGG. MIGUEL CARLOS SOTO, KGG. EMMANUEL R. SACAY,**
**KGG. VICTORINO M. ALDABA III AT KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagtitiyak sa kaligtasan ng mga mamamayan nito sa lahat ng panahon gayundin ang mga establisimentong dito ay nagbibigay hanap-buhay at serbisyo;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ay sentro ng komersyo ng Lalawigan ng Bulacan kung saan ay matatagpuan ang malaking bilang ng mga bangko, *lending houses* at mga *quasi-banking institutions;*

**SAPAGKAT,** sa modernong panahon ng teknolohiya at sa mga umiiral na batas ay inaatasan ang paglalagay ng mga CCTV Camera sa bawat establisimento upang malabanan ang krimenalidad gaya ng pagnanakaw at panghohold-up ngunit malaking balakid dito ang pagtatakip ng mga masasamang element sa kanilang mukha upang mapagtakpan ang kanilang pagkakakilanlan;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**AT DAHIL SA MGA NABANGGIT, IPINAGTIBAY** na may bisa ng batas ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa ginanap na pagpupulong nito at marapat na ipatupad ng buong kahusayan at katapatan ang mga sumusunod;

**SEKSYON 1. – PAMAGAT** - Ang Kautusang Panlungsod na ito ay kikilalanin bilang **"ANTI-THEFT/ROBBERY ORDINANCE"**.

**Seksyon 2. – SAKOP** - Ang mga tadhanain ng Kautusang Panlungsod na ito ay ipatutupad at iiral sa lahat ng mga bangko, *lending houses* gaya ng *pawnshop* at *quasi bank* na nasasakupan ng hurisdiksyon ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos.

**SEKSYON 3. – TADHANAIN** - Mahigpit na ipinagbabawal ang pagsusuot ng facemask, surgical mask, helmet, bullcap at mga kauri nito sa loob ng alinmang bangko, lending houses at quasi-banks saLungsodngMalolos.

**SEKSYON 4. – EKSEMPSYON** - Ang pagsusuot ng surgical mask ay maaaring mapahintulutan batay sa magiging tagubilin at polisiyang Pamahalaan sa panahong ang Lungsod ay nakapailalim sa State of Public Health Emergency.

**SEKSYON 5. – KAPARUSAHAN** - Ang sino mang lalabag sa tadhanain ng Seksyon 3 ng Kautusang Panlungsod na ito ay papatawan ng kaparusahan na gaya ng:

| | |
|---|---|
| UNANG PAGLABAG | MULTA Php1,000.00 |
| IKALAWANG PAGLABAG | MULTA Php2,000.00 o' pagkakakulong ng hindi hihigit sa 3 araw |
| IKATLONG PAGLABAG | MULTA Php3,000.00 o' pagkakakulong ng hindi hihigit sa 30 araw |

**SEKSYON 6. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** - Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o anumang bahagi o probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 7. – KABISAAN** - Ang Kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

KGG. PATRICK E. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS R. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. [illegible] PACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. [illegible] DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT [illegible]
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**<br>KASANGGUNI | **KGG. VICTORINO M. ALDABA III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
AUG 0 4 2023
**Petsa ng Pagtitibay**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*07252023